## Tungkol Saan ang Modyul na Ito?

Ano ang kaya mong gawin sa pinakamahusay na paraan? Mahusay ka ba sa pagpipinta, musika, sayaw o sa paglikha ng imbento? Bawat isa sa atin ay may natatagong talento, at mabuti kung mapapaunlad sa pinakamatayog na antas ang talentong ito.

Bilang mga Filipino, maipagmamalaki nating sabihing marami sa ating mga kapwa Flipino ang may natatanging mga talento na nagbigay puri sa atin sa mundo. Nagbigay sila ng mga pangunahing kontribusyon sa iba’t ibang larangan tulad ng musika, sining, isports, at agham. Kung kaya hinahangaan sila hindi lamang sa Pilipinas kundi sa buong mundo.

Kilala mo ba ang mga natatanging Filipinong ito? Nabuhay ang iba noon pa, samantalang kapiling pa natin ang ilan sa kasalukuyan. Sa pamamagitan ng modyul na ito, makikilala mo sila at ang kanilang mga nagawa.

Nahahati sa dalawang modyul ang araling ito:

Aralin 1 — *Mga Filipino sa Nakaraan Na Nagbigay ng Karangalan sa Bansa*

Aralin 2 — *Mga Filipinong Bantog sa Mundo Ngayon*

## Anu-ano ang mga Matututuhan Mo sa Modyula na Ito?

Pagkaraang pag-aralan ang modyul na ito, magagawa mong:

- ♦ matukoy ang mga Filipino na naging katangi-tangi at patuloy sa pagiging katangitangi sa iba’t ibang larangan sa sariling bayan at sa ibang bansa;
- ♦ ilarawan kung paano nila inangat ang buhay ng mamamayang Filipino.



## Anu-ano na ang mga Alam Mo?

Bago mo simulang pag-aralan ang modyul na ito, gawin ang simpleng pagsusulit para malaman kung ano na ang iyong nalalaman tungkol sa paksa.

Tukuyin ang mga taong inilalarawan. Piliin ang iyong mga sagot sa kahon, pagkaraa’y isulat ang ito sa inilaang patlang.

| | |
|---|---|
| **Agapito Flores** | **Napoleon V. Abueva** |
| **Paeng Nepumoceno** | **Carmen C. Velazquez** |
| **Fernando Amorsolo** | **Efren “Bata” Reyes** |
| **Dr. Fe del Mundo** | **Corazon C. Aquino** |
| **Lea Salonga** | **Juliana Felipe** |
| **Guillermo Tolentino** | **Juan Salcedo Jr.** |

1. Isa siyang rebolusyonaryo at nasyonalistang musikero na siyang lumikha ng martsang tinatawag na “Marcha Nacional Filipina. ________________________________________.
2. Itinuturing siyang “Dakilang Apo ng Sining na Filipino” dahil sa kanyang mga pintura. ________________________________________.
3. Siya ang Klasikong Maestro ng Eskulturang Filipino at pinakatanyag niyang eskultura ang *Monumento ni Bonifacio* sa Lungsod Caloocan. ________________________________________.
4. Tinatawag siyang “Magician” at ilang ulit nang naging pandaigdig na kampeon sa bilyard. ________________________________________.
5. Inimbento niya ang ilaw-flourescent na ginagamit sa buong mundo ngayon. ________________________________________.
6. Tinawag siyang “Space Junkman” dahil sa kanyang pagdidisenyo ng lunar rover o moon buggy. ______________________________________.
7. Siya ang bituin sa musikal na **Miss Saigon**, at nakatanggap ng maraming gawad sa Pilipinas at sa ibang bansa. ________________________________________.
8. Kilala siya bilang “Hari ng Mga Makatang Tagalog.” ________________________________________.

9. Anim na ulit siyang nagwagi bilang pandaigdigang kampeon at kinilala sa buong mundo bilang pinakadakilang bowler sa kasaysayan ng isports. ______________________________________.

10. Isa siyang Pambansang Artista na kilala dahil sa kanyang mga eskultura sa matitigas na kahoy. Isa sa mga bantog niyang likha ang Nakapakong Kristo sa UP Chapel. ______________________________________.

Kumusta? Sa palagay mo ba, okey ang mga sagot mo? Ihambing ito sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina __ para malaman mo.

Kung tama ang lahat ng sagot mo, magaling! Ipinapakita nitong marami ka nang alam sa paksa ng modyul. Mapag-aaralan mo pa rin ang modyul para marebyu ang nalalaman mo na. Malay mo, baka may matutuhan ka pang ibang bagay.

Kung mababa ang iskor mo, huwag sumama ang loob. Ibig sabihin lamang, para sa iyo ang modyul na ito. Matutulungan ka nitong maunawaan ang ilang mahalagang konsepto na magagamit mo sa iyong pang-araw-araw na buhay. Kapag pinag-aralan mong mabuti ang modyul na ito, malalaman mo ang sagot sa lahat ng item ng test at higit pa. Handa ka na ba?

Makalilipat ka na sa susunod na pahina para sa Aralin 1.

# Mga Pilipino sa Nakaraan na Nagbigay ng Karangalan sa Bansa

Kilala mo ba si Julian Felipe? Narinig mo na ba ang pangalang Agapito Flores at Guillermo Tolentino? Ilan lamang sila sa mga Pilipinong nag-ambag nang malaki sa ating bansa sa nakaraan. Ano ang kanilang mga ambag? Paano nakaapekto ang kanilang ambag sa ating mga buhay bilang Filipino? Malalaman mo ang mga sagot sa iyong katanungan pagkaraang basahin ang araling ito.

Pagkaraang kompletuhin ang araling ito, magagawa mong:

- kilalanin ang mga Pilipino na nag-ambag ng pangunahing kontribusyon sa kanilang larangan sa nakaraan;
- tukuyin ang nagawa nila para sa bansa; at
- ipaliwanag kung paanong nakaapekto sa buhay ng maraming Pilipino ang kanilang ambag.



## Subukan Natin Ito

Kinakatawan ng mga salita sa ibaba ang larangan kung saan nakapagbigay ng mahalagang kontribusyon ang ilang Filipino. Pansinin na bali-baligtad ang mga titik.

Ayusin ang mga titik para makuha ang tumpak na salita. Isulat ang iyong mga sagot sa mga patlang na nasa dulo ng bawat item.

1. ANTIPUAR ______________________________
2. SURTEKLRAU ______________________________
3. AKMSIU ______________________________
4. MHGAA ______________________________
5. LAPUNANA ______________________________

Naayos mo ba nang tumpak ang mga titik para mabuo ang tamang salita? Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan ng Pagwawasto* sa pahina ___.



## Pag-isipan Natin

Alam mo ba na naging katangi-tangi ang mga Filipino sa iba't ibang larangan hindi lamang sa Pilipinas kundi maging sa ibang bansa?

Kilala mo ba ang isang Filipino sa nakaraan na nakagawa ng pangunahing ambag sa ating bansa at maging sa buong mundo? Magsabi ng isa at ibigay ang kanyang mga kontribusyon.

Natukoy mo ba ang ang isang Filipino sa nakaraan ng nakagawa ng mahalagang kontribusyon sa ating bansa? Tingnan natin kung tumpak ang iyong mga sagot hambing sa ilang sumusunod na Filipino.

- **Francisco Baltazar/Balagtas** – sumulat sa isa sa pinakadakilang awit na Tagalog, ang *Florante at Laura*
- **Prop. Julian Felipe** – sumulat ng Pambansang Awit ng Pilipinas
- **Jose Palma** – sumulat ng tulang "Filipinas," na batayan ng titik ng Pambansang Awit ng Pilipinas
- **Fernando Amorsolo** – isa sa mga pinakadakilang pintor na Filipino
- **Guillermo Tolentino** – isang Pambansang Artista sa eskultura
- **Agapito Flores** – umimbento sa ilaw-flourescent na ginagamit sa buong mundo ngayon
- **Eduardo San Juan** – nagdisenyo ng lunar rover o moon buggy na ginamit sa ekspedisyong Apollo XV patungo sa buwan noong 1971
- **Carlos P. Romulo** – Unang Asyano na naging Pangulo ng United Nations (U.N.)
- **Dr. Jose Rizal** – pambansang bayani ng Pilipinas

Kilalanin pa natin ang mga taong ito at kanilang mga kontribusyon sa sumusunod na mga seksiyon.

## Alamin Natin

Narito ang ilang Filipino sa nakaraan na nakapag-ambag sa ating bansa. Hindi umani ng paggalang mula sa kapwa Filipino ang kanilang ambag kundi maging sa ibang bansa. Tingnan natin ang mahahalagang kontribusyong nagawa ng bawat ia.

### Hari ng Mga Makatang Tagalog

Isinulat ni Francisco Balagtas ang *Florante at Laura* na itinuturing na pinakadakilang awit na Tagalog. Kinakatawan ng kanyang mahabang tula ang mga kaapihang dinanas sa ilalim ng mga Espanyol, at ang mga kasamaang nangyari sa panahon ng rehimeng Espanyol.

Isinilang si Balagtas noong Abril 2, 1788 sa Bigaa, gitnang Bulacan. Isinulat niya ang kanyang mga tula sa mahigpit na pagbabantay ng mga fraileng Espanyol. Dahil dito, may temang relihiyoso ang kanyang mga tula. Pinili ni Balagtas na sumulat ng tulang alegorikal na gumagamit ng simbolo upang magpahayag ng kanyang mensahe. Ang gayong simbolikong salita ay ginamit para ipahayag ang kanyang protesta laban sa kalupitan. Kilala siyang bilang *Hari ng mga Makatang Tagalog*. Namatay siya noong Pebrero 20, 1862.



Isang eksena sa *Florante at Laura* na nagpapakita paano tratuhin ng mga Espanyol ang mga Filipino sa ilalim ng kolonisasyon.

Mahilig ka bang magbasa ng tula? Ano ang nadarama mo kapag nagbabasa ng tula? Nagbubunsod ba sa iyo ang tula para pag-isipan at pagtakahan ang kahulugan nito?

Para kay Francisco Balagtas, ginamit niya ang tula para bakahin ang kalupitan ng mga Espanyol sa mga Filipino. Sa pamamagitan ng kanyang mga tula, naipahayag niya ang kanyang pagkasiphayo at pagtanggi sa kalupitan ng mga Espanyol.

Sa *Florante at Laura* ni Balagtas, may ipinapahiwatig ang pagkakatali ni Florante sa puno. Ito kaya ang kalagayan ng mga Filipino? Ano sa palagay mo?

____________________________________________________________

Paanong sinisimbolo ng mga leon sa tagpo sa *Florante at Laura* ang kalupitan ng mga Espanyol?

____________________________________________________________


## Manlilikha ng Pambansang Awit ng Pilipinas

Isa pang matagumpay na artistang Filipino si Prop. Julian Felipe. Isinulat niya ang "Marcha Nacional Filipina", isang martsang instrumental na naging kasalukuyang pambansang awit.

Isinilang si Felipe noong Enero 28, 1861 sa Cavite. Siya ang pinakabata sa labindalawang anak. Miyembro ang kanyang ama ng koro ng simbahan sa kanilang bayan, kaya sa napakamurang gulang, nalantad na siya sa musika. Nagsimula siyang mag-aral ng musika sa ilalim ni Prop. Leandro Cosca. Gayunmanm si Reb. Pedro Catalan, kura paroko ng Simbahan ng San Pedro ang nagpayo sa kanya na kumuha ng leksiyon sa piano. Pagkaraan, itinalaga siyang organista ng simbahan. Namatay siya noong Oktubre 2, 1944.

Isinulat ni Propesor Felipe ang pambansang awit sa hiling ni Hen. Emilo Aguinaldo. Nais ni Heneral Aguinaldo ng isang himno na taimtim, matayog, marangal at makapupukaw sa makabayang diwa ng taumbayan at sa kanilang pambansang dangal. Noong Hunyo 11, 1898, anim na araw pagkaraang gawin ni Heneral ang kanyang hiling, ipinakita ni Propesor Felipe ang kanyang borador at tinugtog ito sa piano.

Nang sumunod na araw, noong Hunyo 12, 1898, tinugtog ng banda San Francisco de Malabon, sa baton mismo ni Propesor Felipe, ang *Marcha Nacional Filipina*. Nangyari ito pagkaraang maipahayag ang Unang Republika ng Pilipinas at sa pagtataas ng Watawat na Filipino.



Ano ang nadarama mo kapag tinutugtog ang pambansang awit?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

Nalilikha ba ng pambansang awit ang damdamin ng pagka-Filipino sa iyo? Bakit?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

## Manunulat ng Titik ng Pambansang Awit ng Pilipinas

Isinulat ni Jose Palma ang “Filipinas,” isang makabayang tula sa Espanyol, na naging batayan ng mga titik ng Pambansang Awit ng Pilipinas.

Isang makata at sundalo si Jose Palma. Isinilang siya sa Tondo, Maynila noong Hunyo 3, 1876 at namatay noong Pebrero 12, 1903 sa Maynila. Naging kawani siya ng *La Independencia*, isang diyaryo na inililimbag sa Pangasinan. Noong Setyembre 3, 1899, inilimbag ng *La Independencia* ang iskor ng “Marcha Nacional Filipina” na taglay ang tula ni Palma na “Filipinas” na naging batayan ng titik ng himno.

Bagama’t ipinagbawal ng pamahalaang kolonyal sa ilalim ng mga Amerikano ang pag-awit dito, mabilis na lumaganap ang awit sa mga rebolusyonaryong Filipino.

**Filipinas**

(Letra para la Marcha Nacional)

I

Tierra adorada,
Hija del sol de Oriente,
Su fuego ardiente

En ti latiendo esta.
Patria de amores!
Del heroismo cuna,
Los invasores
No te hallaran jamas.

II

En tu azul cielo, en tus auras,
En tus montes y en tu mar
Esplende y late el poema

De tu amada libertad.
Tu pabellon, que en las lides
La victoria ilumino
No vera nunca pagados
Sus estrellas y su sol.

III

Tierra de dichas, del sol y de amores
En tu regazo dulce es vivir.
Es una gloria par tus hijos,
Cuando te ofenden, por ti morir.

Ito ang tulang Filipinas na inilimbag ng *La Independencia* noon Setyembre 3, 1899 at isinulat ni Jose Palma. Pagkaraan, ito ay naging titik ng Pambansang Awit.

Bilang mga Filipino, ipinagmamalaki natin ang pag-awit ng pambansang awit. Nalilikha sa atin ng pambansang awit ang ating pagmamahal sa bayan at humihiling ng pagkakaisa ng mga Filipino. Ipinapaalala rin sa atin ang ating magigiting na bayani na nagtanggol sa ating bayan.

Sa palagay mo ba, nasasalamin sa mga titik ng pambansang awit ang ating bayan?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan ng Pagwawasto* sa mga pahina _____.



## Pag-isipan Natin

Kung susuriin ang trabaho ni Balagtas, Felipe, at Palma, makikita kung gaano nila kamahal ang kanilang bayan. Sinisimbolo ng kanilang mga akda ang kanilang pagka-Filipino at kung paano nila hinangad ang pagkakaisa ng mga Filipino.

Ano sa tingin mo? Sa palagay mo ba, makapag-aambag ka para sa kabutihan ng bansa? Ipaliwanag ang iyong sagot.

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

May natatanging talento ang bawat isa sa atin. Mahuhusay sa musika at tula ang mga dakilang Filipinong pinag-aralan natin. Kapag nagsikap kang paghusayin ang sarili mong talento, makapag-aambag ka sa ikadadakila ng iyong bayan, sa sarili mong paraan.

Alamin Natin

Mahusay ka ba sa pintura, eskultura o pag-iimbento ng anuman? Baka mayroon kang husay na nalalaman. Gayunman, kailangan pa nang kaunting paglinang dito. Nasa ibaba ang ilan pang Filipino mula sa nakaraan na mahusay sa kanilang larangan. Alamin natin kung sinu-sino ang mga ito.

## Dakilang Apo ng Sining na Filipino

Kilala si Fernando Amorsolo bilang *Dakilang Apo ng Sining na Filipino*. Isa siya sa pinakadakilang pintor na Filipino sa lahat ng panahon.

Isinilang siya noong Mayo 30, 1892 sa Paco, Maynila. Nagtapos siya ng kurso sa sining sa Liceo de Manila at nag-aral sa Escuela de San Fernando sa Madrid.

Pinakamemorable sa kanyang mga pintura ang mga tagpo sa bukid, lalo na ang mga nagtatampok sa liwanag ng araw sa Pilipinas.

Nagwagi siya ng gantimpala sa New York Fair noong 1939 kung saan nakatunggali niya ang mga pintor mula sa pitumpu't siyam na bansa.

Namatay siya noong Abril 24, 1972 sa Lungsod Quezon.



Isa sa mga obra-maestra ni Amorsolo ang *Ina at Anak*. Ipinapakita ng pintura ang pagmamahalan ng ina at anak, ang ugnayan ng dalawa.

Sa pagtingin sa pinturang *Ina at Anak* ni Amorsolo, anong karaniwang halagahang Filipino ang kinakatawan nito?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

## Klasikong Maestro Ng Eskulturang Filipino

Kilala si Guillermo Tolentino bilang eskultor na Filipino. Nag-aral siya ng sining sa Unibersidad ng Pilipinas, Beaux School sa New York, at Royal Academy of Fine Arts sa Rome. Pinakabantog niyang eskultura ang *Monumento ni Bonifacio* sa Lungsod Caloocan.

Isang eskultura ng grupo ang *Monumento ni Bonifacio* na binubuo ng mga pigura na sumesentro sa isang panggitnang obelisko. (Ang obelisko ay isang mataas at patulis na haligi na may apat na panig.) Pangunahing pigura si Andres Bonifacio, pinuno ng rebolusyon laban sa Espanya, nasa likod niya si Emilio Jacinto, ang Utak ng Katipunan.



Natapos ang Monumento ni Bonifacio noong 1933. Ito ang pinakamataas na bahagi ng karera ni Tolentino.

Kung may talento ka sa eskultura, anong eskultura ang gagawin mo? Bakit?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________


## Imbentor ng Ilaw-Flourescent

Inimbento ni Agapito Flores ang ilaw-flourescent na kilala sa buong mundo ngayon.

Tubong-Guiguinto, Bulacan, hindi nakatapos ng hay-iskul si Flores. Nagtrabaho siya sumandali bilang aprentis sa isang talyer sa kanyang bayan. Pumunta siya pagkaraan sa Maynila kung saan nagtrabaho siya bilang elektrisyan sa distrito ng Tondo. Sa buong panahong ito, masigasig siya sa paglinang ng isang salaming-tubo na lumilikha ng naiibang liwanag. Lumapit siya kay Manuel L. Quezon at sinabi niya dito ang tungkol sa kanyang imbensiyon, pero hindi alam ng Pangulo kung paano matutulungan ang imbentor.

Isang opisyal na Pranses ang nagkainteres sa imbensiyon ni Flores. Ipinadala sa Paris si Flores at nakakuha siya ng patent para sa kanyang imbensiyon. Pagkaraan nang matagal-tagal na panahon, binili ito ng General Electric Company ng America at ginawa nang maramihan bilang ilaw-flourescent na kilala natin ngayon.

Napipinturahan ang loob ng ilaw-flourescent ng phosphor at naglalaman ng argon gas at kaunting singaw ng mercury. Naglalabas ito ng natatanging liwanag kapag pinadaanan ang gas ng elektrisidad. Kayang maglabas ng isang 40-watt na ilaw-flourescent ng liwanag na katumbas ng 150-watt ilaw-incandescent sa mas kaunting init.



Sa opinyon mo, gaano kahalaga ang imbensiyon ng Flores sa Pilipinas at sa ibang bansa?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

## Ang Space Junkman


Si Eduardo San Juan ang gumawa ng disenyo ng lunar rover o "moon buggy" na ginamit sa Apollo XV misyon sa buwan noong 1971. Bilang pagkilala, tinawag siyang "space junkman."

Nagtapos siya ng mechanical engineering sa Mapua Institute of Technology noong 1948. Kumuha din siya nuclear engineering sa University of Washington, U.S.A. noong 1955. Ang kaalaman at hilig niya sa makina ay nagsimula sa pagkutingting sa mga ito sa talyer ng kanyang ama noong katorse anyos pa lamang siya.

Tinanggap siya ng Lockheed Missiles and Space Corporation noong 1966, kung saan nakalikha siya ng maraming konsepto sa bagong larangan ng space technology, advanced aeronautics, at sandatang nuklear. Napili ang kanyang mga konsepto at ginamit ng mga dalubhasa kabilang ang mga mula sa National Aeronautics and Space Administration (NASA) ng United States.

Nakalahok din sa iba't ibang proyekto si Eduardo San Juan. Kabilang dito ang U.S. Strategic Defense Iniative o ang Star Wars Program, Skylab, Polaris Missiles, lasers, at ang disenyo at pagbuo ng space bus na nagsasa-orbit ng mga instrumentong pangkomunikasyon at pangmasid sa mundo.

Namatay siya sa atake sa puso noong Pebrero 3, 1988 sa U.S.



Ang lunar rover o moon buggy na ginamit ng Apollo XV misyon sa buwan noong 1971 ay nalikha ni Eduardo San Juan mula sa isang prototipo mula sa mga pinagtabasan ng aluminyo, isang lumang payong, manibela ng bisekleta, takip ng gulong, mga baterya at mga sobrang suplay mula sa army.

Sa palagay mo ba maaaring maging isa sa pinakamahusay na imbentor sa mundo ang mga Filipino? Bakit o bakit hindi?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

Ihambing ang iyong sagot sa *Batayan ng Pagwawasto* sa pahina ____.



## Pag-isipan Natin

Ano ang tingin mo sa pagkamalikhain ng Filipino? Makapangingibabaw ba ang mga Filipino sa buong mundo sa pagkamalikhain at imahinasyon? Nagpatunay ang mga obra nina Amorsolo, Tolentino, Flores at San Juan na hindi lamang mahuhusay na manunulat at kompositor ang mga Filipino. Pinatunayan din nito na imahinatibo at malikhain ang mga Filipino. Nagpahiwatig sila sa buong mundo na kapag sineryoso, magagawa natin ang lahat at matatapatan ang mga nagawa ng ibang lahi ng alinmang bansa.

Sa tingin mo ba'y nabibigyan ang mga Filipino ngayon ng pagkakataon para matuklasan ang kanilang kakayahan? Bakit?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

## Alamin Natin

Kaya ba ng mga Filipino na mangibabaw sa alinmang larangan na kanilang subukan? May kilala ka bang Filipino na nangibabaw sa iba't ibang larangan sa kanyang buhay? Kilalanin natin ang dalawang Filipino na naging katangi-tangi sa maraming larangan.

### Unang Asyano na naging Pangulo ng Pangkalahatang Asemblea ng United Nations

Si Carlos P. Romulo ang unang Asyano at hindi puting pangulo ng Pangkalahatang Asemblea at Konsehong Panseguridad ng United Nations.

Isinilang si Romulo noong Enero 14, 1899 sa Camiling, Tarlac. Nagtapos siya sa Unibersidad ng Pilipinas noong 1918 nang may titulong Batsilyer sa Arte. Natapos ni Romulo ang kanyang titulong Masters noong 1921 sa Unibersidad ng Columbia. Iginawad sa kanya ang Doctor of Laws, *Honoris Causa* mula sa Unibersidad ng Athens, Greece.

Siya ang aide-de-camp ni Heneral Douglas MacArthur sa Bataan at Corregidor. Sinamahan niya si General MacArthur at ang mga puwersang tagapagpalaya sa pagsalakay sa Leyte at pagkaraa'y sa pagbawi sa Maynila. Ginawa din siyang U.S. Army Brigadier General dahil sa lahat ng kanyang nagawa noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Pagkaraan ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, naging pangulo siya ng Pangkalahatang Asemblea ng United Nations. Naging kalihim din siya ng Deparment of Foreign Affairs ng Pilipinas noong 1950s hanggang sa huling bahagi ng 1970s.

Naging kasapi din si Romulo ng Lupon ng Rehente ng Unibersidad ng Pilipinas noong 193? – 1941. Ang Lupon ng Rehente ang pinakamataas na pangkat na lumilikha ng patakaran sa Unibersidad Pilipinas. Ito rin ang pangkat na nagpapasiya kung aling pangangailangan o proyekto ang dapat bigyang pansin ng unibersidad. Naging Pangulo din siya ng Unibersidad ng Pilipinas at pagkaraa'y Kalihim ng Edukasyon.

Tumanggap siya ng maraming gawad na kinabibilangan ng mga sumusunod:

- Premyong Pulitzer sa Pamamahayag para sa natatanging pag-uulat – natanggap niya ang premyong ito dahil sa kanyang serye ng mga artikulong isinulat sa isang biyehe sa Asia bago ang Pangalawang Digmaang Pandaigdig, 1942
- Unang Taunang Gold Medal Award ng World Government News – dahil sa kanyang pagsisikap para sa kalayaan sa United Nations, Marso 1947
- Gold Medal Award ng Woodrow Wilson Memorial Foundation ng Unibersidad ng Princeton – pagkilala ito sa kanyang ambag sa buhay publiko, Mayo 1947
- Gold Medal ng International Benjamin Franklin Society para sa natatanging pagiging estadista noong 1947, Enero 1948
- Made Freeman ng Lungsod Plymouth, England, Oktubre 1948
- Gold Medal Award dahil sa Kahusayan, Lungsod ng Maynila, Hulyo 1949
- Philippine Congressional Gold Medal of Honor, Abril 17, 1950
- Distinguished Service Star ng Pilipinas
- Gold Cross
- Silver Star
- Purple Heart
- Ang Order ni Sikatuna – pinakamataas na dekorasyong panserbisyo ng pamahalaang Filipino, iginagawad para sa mga paglilingkod bilang Secretary of Foreign Affairs, Abril 1953

Hindi lamang bantog si Romulo sa gawad na kanyang natanggap; bantog din siya sa mga aklat na kanyang isinulat.

- I Saw the Fall of the Philippines (Nakita Ko ang Pagbagsak ng Pilipinas)
- Mother America (Inang Amerika)
- My Brother Americans (Ang Mga Kapatid Kong Amerikano)
- The United, A Novel (Ang Nagkaisa, Isang Nobela)
- Crusade in Asia (Krusada sa Asya)
- Contemporary Nationalism and World Order (Kontemporanyong Nasyonalismo at Pandaigdigang Orden)


## Ang Ating Pambansang Bayani

Isinilang di Dr. Jose P. Rizal sa Calamba, Laguna noong Hunyo 19, 1861. Ang kanyang mga magulang ay sina Francisco Mercado at Teodora Alonzo. Nag-aral siya sa Ateneo Municipal de Manila at tinapos ang kanyang Batsilyer sa Arte noong Marso 23, 1876. Nag-aral siya ng medisina sa Unibersidad ng Santo Tomas at ipinagpatuloy ito sa Central University of Madrid.

Isang taong maraming propesyon si Rizal. Tinapos niya ang medisina at pilosopiya noong 1885 sa Central University of Madrid. Kumuha siya ng kursong gradwado sa Paris at Heidelberg. Isa rin siyang lingguwista, marunong ng maraming wika tulad ng Griyego at Latin.

Sa kanyang panahon, tumanggi siyang maging miyembro ng Katipunan at lumahok sa rebolusyon. Sa halip, pinili niyang bakahin ang mga Espanyol sa pamamagitan ng kanyang panulat. Bantog ang kanyang mga nobelang *Noli me tangere* at *El filibusterismo*. Ang mga tauhan sa mga nobelang ito ay kumakatawan sa mga inhustisya at kaapihang ginagawa ng mga Espanyol sa mga Filipino.

Sumulat din siya ng maraming tulad tulad ng *Sa Aking Mga Kababata* at *Mi Ultimo Adios*.Ang *Sa Aking Mga Kababata* ay isang tula na isinulat niya sa gulang na walong taon para hikayatin ang kanyang kapwa bata na mahalin ang sariling wika. Ang *Mi Ultimo Adios* ang kanyang tula ng pamamaalam sa kanyang bayan at kababayan bago siya binaril sa Bagumbayan (Luneta).



Paano ipinakita ni Rizal ang kanyang pagmamahal sa bayan?

________________________________________________

________________________________________________

________________________________________________

________________________________________________

Talakayin ang iyong sagot sa iyong Instructional Manager o kamag-aral.



## Pag-isipan Natin

Ano ang palagay mo sa ating kakayahan bilang Filipino? Magagawa ba natin ang anumang nais nating gawin? Pinatunayan nina Romulo at Rizal na makapangingibabaw tayo sa maraming larangan kung iibigin natin. Ang mahalaga'y malinaw sa atin kung ano ang gusto nating gawin sa ating buhay. Ibig man nating maging manunulat, punong bayan, o karpintero, dapat tayong magkaroon ng pagpapahalaga sa ating ginagawa. Kapag pinahalagahan natin ang ating gawain, magagawa nating mangibabaw sa anumang larangang ibig natin. Sumasang-ayon ka ba dito? Ipaliwanag ang iyong sagot.

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

Talakayin ang iyong sagot sa iyong Instructional Manager.



## Magbalik-aral Tayo

Kompletuhin ang sagot sa pagpuno sa mga patlang.

1. Kompositor si Prop. Julian Felipe ng Pambansang Awit. Tinatawag ang awit na ito na _________________________.
2. Isinulat ni Francisco Baltazar o Francisco Balagtas ang pinakadakilang awit na pinamagatang ________________________.
3. Inimbento ni _________________________ ang ilaw-flourescent.
4. Ginawa ni Guillermo Tolentino ang eskulturang ____________________ sa rurok ng kanyang karera.
5. Isinulat ni Jose Palma ang titik ng Pambansang awit ng Pilipinas sa pamamagitan ng tulang tinatawag na __________________. Nalimbag ito sa *La Independencia* noong Setyembre 3, 1899.
6. Idinesenyo ni _____________________ ang lunar rover o moon buggy. Ginamit ito sa _______________________ misyon sa buwan.
7. Kilala si Fernando Amorsolo bilang _____________________. Isa siya sa pinakadakilang pintor na Filipino ng lahat ng panahon.
8. Tinatawag din si Francisco Baltazar o Francisco Balagtas bilang ________________.

9. Dalawa sa pinakabntog na akda ni Dr. Jose Rizal ang ________________ at _______________.

10. Si Carlos P. Romulo ang unang Asyano na naging ______________________.

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan ng Pagwawasto* sa pahina ___.



## Pag-isipan Natin Ito

Ngayong kilala mo na ang ilang Filipino na nakapag-ambag nang marami sa ating bansa at kahit sa ibang bansa. Basahin ang ilang kuwento tungkol sa kanilang mga obra.

- Alam mo bang may kahulugang pampolitika ang tulang *Florante at Laura* ni Francisco Baltazar/Balagtas? Iniuugnay nito ang malungkot na kalagayan ng bayani, si Florante, sa pagdurusang dinanas ng mga Filipino sa ilalim ng mga Espanyol.

- Inakala ng mga Espanyol na ang kanyang awit na *Florante at Laura* ay tungkol sa Kristiyano at Muslim, ngunit inilalarawan sa katotohanan kung paano pinagmamalupitan noon ng mga Espanyol ang mga Filipino.

- Naiisip mo ba ang isang bansang walang pambansang awit? Ang komposisyon ni Prop. Julian Felipe, ang *Marcha Nacional Filipina*, ay hindi lamang humantong sa pagkalikha ng Pambansang Awit. Naging simbolo rin ito ng ating kalayaan mula sa mga Espanyol nang maisilang ang Unang Republikang Filipino sa pamumuno ni Emilio Aguinaldo sa Cavite.

- Lalong binigyang buhay ni Jose Palma ang musikang likha ni Prop. Julian Felipe sa pagsulat ng mga titik ng Pambansang awit na orihinal na isinulat sa Espanyol. Ang mga Filipinong lumaban sa mga Amerikano sa panahon ng pananakop ng mga ito ay inawit ang Pambansang Awit bilang himno ng inspirasyon. Inaawit ito ng mga Filipino nang may pagmamalaki at nabibigyang inspirasyon sila nito.

- Natatandaan mo pa ba si Fernando Amorsolo? Ipinakita niya sa mundo na kayang mangibabaw ng mga Filipino sa sining sa pamamagitan ng kanyang mga pintura na hinahangad ng marami sa kanyang panahon. Napakamahal ngayon ng kanyang mga likha. Makikita mo ang pinakamahusay niyang mga obra sa Pambansang Museo at sa mga koleksiyon ng mga kolektor ng sining.

Pinatutunayan ng mga obra ng mga Filipino na kaya ng mga Filipino ang pinakamahusay sa kanilang larangang kanilang pagtuunan ng pansin.

- Ang mga akda nina Francisco Baltazar, Prop. Julian Felipe at Jose Palma ay hindi lamang nagpapatunay na mahuhusay na manunulat at kompositor ang mga Filipino. Binigyang-buhay din nila ang mga Filipino na makipaglaban sa mga nang-aapi sa kanila at dahilan ng kanilang pagdurusa.
- Ipinakita ng mga imbensiyon nina Agapito Flores at Eduardo San Juan na maaaring maging inobatibo at malikhain ang mga Filipino kapag binigyan ng pagkakataon. Naging katangi-tangi sa agham sina Agapito Flores at Eduardo San Juan dahil sa kanilang mga imbensiyon. Sino ang mag-aakala na isang Filipino ang makapag-iimbento ng *ilaw-flourescent*? Isipin kung paano pinaunlad ng imbensiyong ito ang buhay ngayon. Sino ang mag-aakala na Filipino ang gumawa ng *moon buggy*?
- Sino ang makakalimot kay Carlos P. Romulo? Isa si Romulo sa pinakabantog na diplomat ng bansa. Napatunayan niya sa mundo na maaaring mangibabaw ang Filipino sa gawaing diplomatiko at manguna sa maraming larangan. Pinatunayan ni Romulo na isa siyang diplomat, sundalo, edukador at manunulat.
- Hindi natin dapat kalimutan si Dr. Jose Rizal. Pinatunayan ni Rizal na matatalino ang mga Filipino. Ipinakita rin niya sa mundo na karapat-dapat pagsakripisyuhan ng buhay ang ating bayan. Hindi lamang nagdulot ng pagkakaisa sa mga Filipino ang kanyang kamatayan; sinimbolo din nito ang kanyang pagkabayani. Labis niyang minahal ang kanyang bayan kaya hindi siya natakot mamatay alang-alang dito.

Sino ang mag-aakala na kayang gawin ng Filipino ang lahat ng ito?

Sagutin ang mga sumusunod na katanungan.

1. Sa palagay mo ba, mahalaga sa ating bansa at sa iba pang bansa ang ginawa ng mga Fililpinong ito? Bakit o bakit hindi?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Paano sa palagay mo nakaapekto ang kanilang mga kontribusyon sa buhay ng maraming Filipino at mga tao sa ibang bansa?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

3. Sa pagkabatid sa kontribusyon ng mga Filipinong ito, maipagmamalaki mo ba na isa kang Filipino? Bakit o bakit hindi?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

Ihambing ang mga sagot mo sa *Batayan ng Pagwawasto* sa pahina ___.



## Pag-usapan Natin Ito

Francsco Baltazar/Balagtas, Propesor Julian Felipe, Jose Palma, Fernando Amorsolo, Guillermo Tolentino, Agapito Flores, Eduardo San Juan, Carlos Romulo, at Dr. Jose Rizal. Ano ang bagay na taglay nilang lahat?

Mga Filipino silang tumulong upang makilala sa buong mundo ang ating bayan. Lumikha sila ng kasaysayan sa pamamagitan ng kanilang mga obra. Hindi lamang nila ipinakitang maaaring maging katangi-tangi ang mga Filipino sa kanilang ginagawa. Tinulungan nila ang bansa na makamit ang respeto ng iba pang mga bansa.

Maaaring matagal na silang pumanaw, ngunit nananatiling kilala at mahalaga ang kanilang mga obra hindi lamang para sa mga Filipino kundi maging para sa ibang bansa.

Sa palagay mo ba ay maaaring maging katulad mo ang isa sa kanila? Paano?

_______________________________________________

_______________________________________________


_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Subukang sagutan ang palaisipan sa ibaba.




**Pahalang**

(1) Kilala si Guillermo Tolentino sa paglikha ng ___________________.

(2) Isa sa mga obra ni Amorsolo na nagtatanghal ng pagkalinga ng ina sa kanyang anak na lalaki.

(4) Mahusay si Propesor Julian Felipe sa larangan ng _______________.

(8) Hari si Francisco Baltazar/Balagtas ng mga Tagalog na _____________.

**Pababa**

(5) Ito ang siyudad sa ibayong dagat kung saan nakakuha si Agapito Flores ng patente sa kanyang ilaw-flourescent.

(4) Ang titulo ng tula ni Jose Palma na naging batayan ng titik ng Pambansang awit ng Pilipinas.

(6) Tinawag ding ______________________ si Eduardo San Juan.

(7) Kilala si Fernando Amorsolo sa kanyang __________________.

## Tandaan Natin

Sa araling ito, pinag-aralan mo ang ilang Filipino sa nakaraan na nakapag-ambag nang marami sa ating bansa at sa ibang bansa.

- ♦ Francisco Baltazar/Balagtas – sumulat ng awit na *Florante at Laura*
- ♦ Propesor Julian Felipe – sumulat ng himnong *Marcha Nacional Filipina*
- ♦ Jose Palma – sumulat ng Filipinas na naging batayan ng titik ng Pambansang Awit
- ♦ Fernando Amorsolo – kilala bilang "Dakilang Apo ng Sining sa Pilipinas"
- ♦ Guillermo Tolentino – kilala sa eskulturang tinatawag na *Monumento ni Bonifacio*
- ♦ Agapito Flores – nag-imbento ng ilaw-flourescent
- ♦ Eduardo San Juan – gumawa sa lunar rover o moon buggy
- ♦ Carlos P. Romulo – unang Asyano na naging Pangulo ng Pangkalahatang Asemblea ng United Nations
- ♦ Dr. Jose Rizal – sumulat ng *Noli me tangere* at *El filibusterismo* na nagmulat sa mga Filipino laban sa tiraniya ng mga Espanyol

# Mga Filipino na Kilala sa Mundo Ngayon

Pamilyar ba sa iyo ang pangalang Lea Salonga? Ang Paeng Nepomuceno at Efren “Bata” Reyes? Ilan lamang sila sa mga Filipinong lumikha ng balita sa diyaryo sa Pilipinas at sa ibang bansa sa ngayon.

Pagkaraan ng araling ito, magagawa mong:

- tukuyin ang mga Filipinong gumagawa ng mahalagang kontribusyon sa kanilang larangan sa Pilipinas at sa ibang bansa;
- tukuyin ang kanilang ambag para sa bansa sa ngayon; at
- ipaliwanag kung paanong ang kanilang ambag ay nakaapekto sa buhay ng maraming Filipino sa kasalukuyan.



## Subukan Natin

Regular ka bang nagbabasa ng diyaryo o magasin, nakikinig sa radyo o nanonood ng TV? Nabasa o narinig mo na ba ang tungkol sa mga Filipinong nagtatagumpay sa kanyang larangan? Tukuyin ang isang nabubuhay na Filipino na naging katangi-tangi sa bawat larangang nasa ibaba. Isulat ang kanilang kontribusyon sa tapat ng kanilang mga pangalan.

1. Isports

   ______________________________

2. Politika

   ______________________________

3. Eskultura

   ______________________________

4. Teatro at Sining

   ______________________________

5. Musika

   ______________________________

Maihahambing mo ang iyong mga sagot sa *Batayan ng Pagwawasto* sa pahina ____.

Sino ang mga tao sa iyong listahan? Tandaan,  walang tama o maling sagot sa gawaing ito. Nakapagbigay ka ba ng tiyak na tao para sa bawat larangan sa itaas?

Kung nagawa mo ito, binabati kita! Makikilala mo pa ang mga Filipino na nabubuhay ngayon at nakapagbibigay ng mahalagang ambag sa ating bansa.


Kung nahirapan kang mag-isip ng tao para sa bawat kategorya, huwag mabahala. Marami kang oras para makilala ang mga Filipinong ito.

Ngayon, magpatuloy sa aralin.


## Basahin Natin Ito

Basahin nang maingat ang sumusunod na comic strip.




Gayunman, bantog pa rin siya sa buong mundo. "Magician" ang tawag sa kanya ng mga tao, siguro dahil sa kanyang mga tirang parang magic.
Wala na siyang dapat patunayan. Tinanghal siyang pandaigdigang kampeon sa bilyard nang ilang ulit na. Naaalala mo ba ang panahon na siya ay nasa mga magasin at diyaryo?


Binigyang dangal niya ang lahat ng Filipino. Isipin mo, ni hindi siya nakapagtapos ng hay-iskul.
Pero hindi niya mararating ang narating niya kung hindi dahil sa sipag at tiyaga. Nagsanay siyang mabuti. Natulog pa siya sa mesa ng bilyard.


Alam ko. Sana katulad ko siya.
Ano? Ayaw mo ring makatapos ng hay-iskul?




Sagutin ang sumusunod na katanungan.

1. Sino ang pinag-uusapan nina Jun at Eric?

   ______________________________

2. Ano ang isport na nilalaro ni Bata?

   ______________________________

3. Sang-ayon sa usapan nina Jun at Eric, ano ang mga nagawa ni Bata sa isports?

4. Sang-ayon kay Eric, ano ang mga katangiang nagpasikat kay Bata?


5. Sa palagay mo ba taglay mo ang mga katangiang nagbigay ng tagumpay kay Bata? Bakit gayon ang palagay mo?

Maihahambing mo ang iyong mga sagot sa *Batayan ng Pagwawasto* sa pahina ___.

Matatalakay mo din ang iyong mga sagot sa iyong Instructional manager o Tagapagdaloy. Matatalakay mo din ito sa isang kapamilya, kaibigan o kamag-aral. Sang-ayon ba sila o hindi sa iyong mga sagot? Bakit o bakit hindi?

Pinag-uusapan nina Jun at Eric si Efren “Bata” Reyes. Kilala siya sa buong mundo dahil sa husay niya sa paglalaro ng bilyard. Kilala mo ba siya? Nakita mo na ba kung paano siya maglaro?

Magpatuloy sa pagbabasa ang makikilala mo pa siya at iba pang Filipino na nagbigay ng mahalagang ambag sa ating bansa sa nakaraang mga taon.



## Alamin Natin

Narito ang ilang Filipino sa kasalukuyan na nakagawa ng mahalagang kontribusyon sa iba’t ibang larangan sa nakaraang mga taon. Kilala mo ba sila?

- **Lea Salonga** – teatro at musika
- **Paeng Nepumoceno** – bowling
- **Efren “Bata” Reyes –** bilyard

- **Napoleon Abueva** – eskultura
- **Corazon Aquino** – politika
- **Dr. Fe del Mundo** – medisinang pediatriko
- **Dr. Gregorio Zara** – imbentor

Kilalanin nating mabuti ang bawat isa sa kanila.

### Lea, Kilala sa Mundong Mang-aawit at Aktres



Napanood o narinig mo na ba ang dulang Broadway na *Miss Saigon*? Napanood mo na bang pelikulang cartoon ng Walt Disney, Aladdin at Mulan? Kung oo, malamang na kilala mo na ang binibining tinutukoy, si **Lea**.

Nagsimula ang propesyon ni Lea Salonga sa edad siyete sa produksiyon ng Repertory Philippines ng *The King and I*. Pagkaraan ng pagganap niya sa produksiyong ito, lumabas din siya sa iba pang pagtatanghal tulad ng *Cat on A Hot Tin Roof*, *Fiddler On The Roof*, *The Rose Tattoo*, *Annie* at marami pa.

Hindi lamang siya kilala sa kanyang pagganap kundi maging sa kanyang pag-awit. Sumikat siya sa pagganap ng pangunahing tauhang si Kim sa patok na musikal pang-Broadway na *Miss Saigon*. Tungkol ang *Miss Saigon* sa mga puta sa Vietnam noong Digmaang Vietnam. Itinanghal din ang *Miss Saigon* sa Pilipinas, sa Cultural Center of the Philippines. Naging dahilan ito para pumunta sa bansa ang dayuhan.

Ang mahusay na pagganap ni Lea bilang Kim ay ginawaran ng pagkilala tulad ng *Sir Laurence Olivier Award*, *Tony*, *Drama Desk*, *Outer Critics' Circle Awards* at *Theater World Awards*. Internasyonal na gawad ang mga ito para sa mga artistang nagbigay ng pinakamahusay na pagganap sa teatro.

Hindi lamang gumanap bilang Kim sa Miss Saigon si Lea, ginampanan din niya ang papel na Eponine sa kilalang *Les Miserables* ng Broadway. Tungkol ang *Les Miserables* sa puganteng si Jean Valjean na nagsisi ng kanyang kasalanan at naging mabuting tao.

Gumawa din si Lea ng recording para sa pelikulang animasyon ng Walt Disney na *Aladdin* at *Mulan*. Naging panauhin siya ng $65^{th}$ Annual Academy Awards sa pag-awit ng kantang *A Whole New World* na nagwagi ng Oscar.

Talagang pinatunayan ni Lea Salonga na sisikat ang Filipino sa pag-awit at pagganap. Kaya kilala siya sa buong mundo.

Sa tingin mo, paano nagtagumpay si Lea sa kanyang karera?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

### Paeng, Pinakadakilang Internasyonal na Bowler



Nagbo-bowling ka ba? Kung mahusay ka dito, baka ikaw ang sumunod na "Paeng" ng Pilipinas. Kilalanin pa natin ang taong simpleng tinatawag na "Paeng" sa Pilipinas at sa buong mundo.

Isinilang si Paeng Nepomuceno noong Enero 30, 1957. May taas siyang 6'2" at kaliwete. Kabiyak niya si Saira R. Puyat na kilala sa tawag na Pinky. Tatlo ang kanilang anak.

Ama niya si Angel Nepomuceno na kanyang coach at guro. Ina ni Paeng si Teresita "Baby" Villareal, na dating Miss Philippines (1951-1952).

Alam mo ba na si Paeng ay **anim na ulit na pandaigdigang kampeon sa bowling.** Kinikilala siya bilang **pinakadakilang international bowler** sa kasaysayan ng isport?

Kabilang siya sa *Guinness Book of World Records* dahil sa pinakamaraming pagwawagi ng World Cup na nagawa sa tatlong magkakaibang dekada.

Sii Paeng din ang pinakabatang bowler na nagwagi sa world cup sa edad na disinuwebe. Naganap ito noong Unang World Cup Tournament sa Tehran, Iran noong 1976. Hawak niya ang titulong ito hanggang sa kasalukuyan.

Ano ang kanyang mga natanggap na gawad?

Nakatanggap ng maraming gawad si Paeng sa loob at labas ng bansa. Narito ang mga iyon:

- *Philippine Legion of Honor Medal* – ang pinakamataas na gawad para sa isang Filipino
- *Presidential Medal of Merit* – iginawad ng dating Pangulong Ferdinand E. Marcos noong 1984
- *Atleta ng Taon* – ibinigay ng Philippine Sportswriters Association (PSA) nang limang ulit
- *Hall of Fame* ng Philippine Sportswriter Association (PSA)

- *Filipino ng Taon 1992* – iginawad ng Inquirer Magazine
- *Ten Outstanding Young Men of the Philippines* (TOYM)
- Atleta ng Siglo
- *Pinakadakilang Atletang Filipino sa Lahat ng Panahon* – iginawad ng dalawang kamara ng Kongreso ng Pilipinas
- *World Bowler of the Year* – iginawad noong 1984, 1985 at 1992 ng World Bowling Writers (isang asosasyon ng mahigit sa 300 spoertswriter mula sa 40 bansa)

Naitampok din si Paeng Nepomuceno sa pabalat ng mga internasyonal na magasin kabilang ang prestihiyosong *Bowlers Journal Intenational Magazine*.

Siya rin ang una at tanging lalaking bowler na idinambana sa International Hall of Fame sa St. Louis, Missouri, United States of America. Nakatanghal ang kanyang 7-piye na retrato sa pasukan ng kanilang museo sa bowling.

Binigyang-karangalan ni Paeng ang ating bansa sa pamamagitan ng kanyang mga tagumpay sa bowling.

Sa reputasyon ni Paeng bilang bowler, ano ang impresyong nalikha niya sa ibang bansa kaugnay ng mga Filipino?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

## Efren, Ang "Magician"



Pamilyar ka ba sa isports na bilyard? Marahil narinig mo na ang pangalang **Efren "Bata" Reyes** sa mga kalye ng iyong komunidad, sa radyo at telebisyon. Baka napanood mo pa siyang naglalaro nito sa TV. Sino ang taong ito na magiliw na tinatawag na "Bata?"

Isinilang si Efren Reyes noong Agosto 26, 1954 sa Mexico, Pampanga. Siya ang panggitnang anak na lalaki sa siyam na magkakapatid—limang lalaki at apat na babae.

Alam mo ba na galing sa pamilyang mahirap si Bata? Barbero ang kanyang ama. Limang taon lamang siya nang ipadala siya ng kanyang pamilya sa kanyang tiyo na may-ari ng Lucky 13 pool hall sa Avenida, Maynila. Nagtrabaho siya doon bilang boy sa bilyard.

Hindi siya naglaro ng bilyard hanggang walong taong gulang. Natuto siya sa panonood sa mahuhusay, sa mga artista at kilalang tao na madalas sa bilyaran ng kanyang tiyo. Natuto rin siya kahit sa kanyang panaginip dahil natutulog siya sa ibabaw ng mesang bilyaran.

Nang nagsisimula pa lamang siyang maglaro ng bilyard, pinagpapatong niya ang tatlong kahon ng Coke at dito siya tumatayo para makapaglaro. Pagkatira, ililipat niya ang mga kahon sa ibang puwesto sa paligid ng mesa para tumira nang panibago.

Sa gulang na labindalawa, dinala siya ng kanyang mayayamang kaibigang Intsik sa iba't ibang lugar tulad ng Bulacan, Olongapo at Angeles para magbakasyon. Doon sila maglalaro ng bilyard. Minsan, tinalo niya ang pangalawang pinakamahusay sa bilyard ng mga panahong iyon.

Sa gulang na disisais, siya na ang pinakamahusay na manlalaro ng bilyard sa Pilipinas.

Naglaro ng bilyard si Efren Reyes para suportahan ang kanyang pamilya dahil hindi na siya nakapagpatuloy ng ikalawang taon sa hay-iskul.

Dumating ang panahon sa kanyang buhay nang wala nang makalaban sa kanya sa Pilipinas. Alam ng lahat ng naglalaro ng bilyard na siya ang pinakamahusay. Sa kasamaang palad, hindi mainam ang mga una niyang kompetisyong internasyonal dahil niloko siya ng kanyang mga isponsor. Hindi ibinigay ang parte niya sa gantimpala. Nito lamang 1998 nang isponsoran siya ng isang Amerikanong nagngangalang Archibald Mitchell. Dito na siya nagsimulang kumita.

Sa wakas noong 1999, nakatuntong din si Efren sa pandaigdigang arena sa suportang pinansiyal ni Jose Puyat na may-ari ng AMF-Puyat billiard at bowling centers sa Maynila.

Sinagot ni G. Jose Puyat ang gastos ni Efren at ng iba pang kasapi ng koponang Filipino na binuo para makipagpaligsahan sa mga tournament sa United States.

Tingnan natin ang kanyang mga tagumpay sa bilyard. Narito ang mga iyon:

- Noong 1995, samantalang nasa United States nang anim na buwan, kagilagilalas na nagwagi siya sa anim na tournament at kumita ng mahigit sa $80,000.

Pinagwagian niya ang:

- Sands Regent 9-Ball sa reno, Nevada (1995)
- Prestigious Bicycle Club 9-Ball Invitational sa Los Angeles (1995)
- World 8-Ball championships sa Las Vegas (1995)

- World Straig Pool championship sa Bangor, Maine (1995)
- Pro-Tour championship 9-Ball sa Owensboro, Kentucky (1995)
- Legend 9-Ball sa Los Angeles (1995)
- Panlima siya sa world championships ng 9-Ball sa Norfolk, Virginia (1995)

Siya ay naging:

- International Player of the Year (1995)
- World Number 1 Player in Billiards (1999)
- World 9-Ball Tournament Champion (1999, Cardiff, Wales)

Alam mo ba kung bakit tinawag na "Magician" si Efren Reyes? Nakuha niya ang bansag na "magician" mula sa ibang kilalang manlalaro ng bilyard sa mundo, dahil nagagawa niya ang mga imposibleng tira sa kanyang mga tournament. Madalas na ang mga tirang ito ang nagpapanalo sa kanya sa mga tournament na ito.

Matatandaan si Efren Reyes bilang ang taong nagwagi sa lahat ng laro sa bilyard. Napatunayan niya sa mundo na hindi hadlang sa tagumpay ang pagiging mahirap. Dahil siya ang numero unong manlalaro sa mundo sa kabila ng kanyang kahirapan habang lumalaki.

Ano sa palagay mo ang mga katangian na dahilan upang si Efren "Bata" Reyes ay maging pinamahusay na manlalaro ng bilyard sa mundo? Bakit?

______________________________________________________________


______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

### Napoleon Abueva, Ama ng Modernong Eskulturang Filipino



Napunta ka na ba sa Unibersidad ng Pilipinas sa Diliman, Lungsod Quezon? Kung nakarating ka na doon, subukang hanapin ang UP Faculty Center (ngayo'y Bulwagang Rizal). Makikita doon ang isa sa mga eskultura ni Abueva na tinatawag na **Siyam na Musa**. Isa itong nakataas na eskultura na binubuo ng siyam na hubo't hubad na babae na nakapuwesto sa iba't ibang gawain.


Sino ang eskultor na ito? Ano ang kanyang mga obra?

Tubong-Cebu, isinilang si Abueva noong 1930. Isa siya sa mga estudyante ng pumanaw na Guillermo Tolentino. Siya ang pinakabatang ginawaran ng titulong **Pambansang Artista** sa gulang na 46 at itinuturing na **Ama ng Modernong Eskulturang Filipino.**


Tumulong siya sa paghubog ng eskulturang Filipino para makarating ito sa kinalalagyan ngayon. Mahusay siya sa akademikong estilong representasyonal o sa modernong abstrakto. Bagama't ginamit na niya ang lahat ng materyal mula matigas na kahoy (molave, akasya, langka, ipil, kamagong, palma at kawayan) hanggang adobe, metal, semento, marmol, bronse, bakal, alabaster, koral at brass.

Noong 1980s, nagtanghal nang solo si Napoleoon Abueva sa Philippine Center, New York. Itinaghal ang kanyang mga obra sa iba't ibang museo, dito at sa ibang bansa, tulad ng **Ang Eskultura** sa kuwartel ng United Nations sa Lungsod New York.

Narito ang ilang obra-maestra ni Abueva:



Alegorikal na Harpoon



Ito ang **Fredesvinda** na kabilang sa Unang Simposyum na ASEAN sa Eskultura na ginanap sa Fort Canning Hill, Singapore mula Marso 27 hanggang Abril 26, 1981.

Kung gusto mong makita ang ilanpa niyang obra, narito ang mga pook na mapupuntahan mo:

- **Tatlumpung Piraso ng Pilak, Ang Transpigurasyon** (1979) – Eternal Garden Memorial Park, UP Gateway
- **Siyam na Musa** (1994) – UP Faculty Center
- **Sunburst** (1994) **-** Peninsula Manila Hotel, Lungsod Makati
- **Pigurang Bronse ni Teodoro M. Kalaw** – Pambansang Aklatan, Maynila
- **Dambana ng Kagitingan** – Bundok Samat, Bataan

Madalaw mo sana ang ilan sa mga pook na ito para makita ang mga obra ni Napoleon Abueva. Mas mainam na makita ang totoong eskultura kaysa isipin lamang ito.

May pagkakatulad ba ang mga obra nina Napoleon Abueva at Guillermo Tolentino?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

## Corazon C. Aquino



Lumahok ka na sa Rebolusyong EDSA I? Kilala mo ba ang taong tumakbo laban kay Ferdinand E. Marcos noong snap elections ng 1986? Simpleng **CORY** ang tawag sa kanya. Kilalanin pa natin siya.

Isinilang si Mrs. Corazon C. Aquino noong Enero 25, 1933. Nag-aral siya sa St. Scholastica's College at pagkaraa'y sa Assumption Convent. Noong 1946, pumunta siya sa United States kung saan kumuha siya ng edukasyong sekondarya at kolehiyo. Tinapos niya ang Batsilyer sa Arte, medyor sa French at menor sa Matematika sa Mt. Saint Vincent College sa New York 1953.

Matutukoy din siya bilang kabiyak ng dating Senador Benigno Aquino, Jr. na pinaslang noong 1983.

Ano ang nagawa niya para sa kanyang bayan?

Pinangunahan niya ang maraming kilusang masa na dahilan ng pagwawakas ng rehimeng Marcos. Sa kabila ng katotohanang hinamon niya ang malalakas na kalaban, isang huwaran si Mrs. Aquino ng mapayapang civil disobedience at di-marahas na protesta. Isa sa kamangha-manghang niyang ambag, instrumental siya sa makasaysayang rebolusyong “People Power” na naganap noong Pebrero 1986. Nangyaring siya’y naging ika-11 Pangulo ng Pilipinas.

Pangunahing tagumpay ng dating Pangulong Aquino ang **pagpapanumbalik ng demokrasya** sa bansa kabilang ang **pagpapanumbalik ng kalayaan sa pamamahayag**, ang **pagpapanumbalik ng isang tunay na independiyenteng lehislatura** at ng isang **independiyenteng sistemang hudisyal**. Sinimulan niya rin ang paggawa ng borador ng **bagong Konstitusyon** na **nagsasa-institusyon sa konsultasyon sa tao** at ginawang **imposible ang paglitaw ng bagong awtoritaryang rehimen**.

Noong Enero 1, 1992 inilipat niya rin ang malaking bahagi ng kapangyarihan ng pamahalaang sentral sa mga local government unit. Tanda ito ng pagsisimula ng tunay na awtonomiya ng mga liblib na rehiyon ng bansa.

Iginawad sa kanya ng *Time Magazine* ang titulong **1986 Woman of the Year** para sa kanyang pagsisikap na ibalik ang demokrasya sa Pilipinas.

Pagkaraan ng kanyang termino bilang Pangulo ng bansa, itinuon ni Gng, Aquino ang pansin sa ilang sibiko at pansimbahang aktibidad. Isa siya sa pinakamalakas na tagapagtaguyod ng demokrasya at katapatan sa paglilingkod-bayan.

Ano sa palagay mo ang mga katangian na taglay ni Corazon Aquino? Bakit?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

## Dr. Fe del Mundo, Filipinang Manggagamot ng mga Sanggol at Bata



Isinilang si Doktora, ang madalas na tawag kay Dr. Fe del Mundo, sa Intramuros, Maynila noong Nobyembre 27, 1911. Pang-anim siya sa walong magkakapatid. Ang kanyang ama, si Bernardo del Mundo, ay isang kilalang abogado mula Marinduque. Isang maybahay ang kanyang ina na maingat na umasikaso sa kanila bawat araw.

Sa edad na 15, pumasok si Dr. Fe del Mundo sa Unibersidad ng Pilipinas at tumanggap ng diplomang Associate in Arts pagkaraan ng dalawang taon. Kumuha siya ng medisina sa institusyon ding iyon. Noong 1933, tinanggap niya ang titulo sa medisina nang may pinakamataas na karangalan sa klaseng may 70 estudyante. Sa taon ding iyon, ginawaran siya ng Colegio Medico Farmaceutico de Filipinas ng medalya para sa pagiging "Pinakatanging Iskolar sa Medisina."

Pumangatlo siya sa medical board examinations at nagsimulang magtrabaho bilang katulong na clinical pathologist ng kanyang tiyo. Pribadong nagturo din siya ng matematika sa mga estudyante, nagtrabaho bilang medical examiner para sa National Life Insurance Company, at nag-lecture sa medisina sa Centro Escolar University at sa St. Luke's School of Nursing.

Isa si Dr. Fe del Mundo sa unang nagbigay-diin sa pag-iwas ng pagkakasakit sa mga batang Filipino. Nakita niya na binibigyang-pansin lamang ang kalusugan ng kabataan kapag mayroon silang sakit. Nagsikap siya para malaman ng mga tao ang pangangailangang pangalagaan ang kalusugan ng mga sanggol at bata sa pag-iwas sa sakit. Tunay na dakilang hakbang iyon, para sa kabataan at kinabukasan ng bansa.

Tumanggap si Dr. Fe del Mundo ng study grant mula kay Pangulong Manuel L. Quezon at tinanggap sa Harvard Medical School para sa pag-aaral na postgraduate. Siya ang unang babaeng sumira sa tradisyong Harvard sa pagiging unang babaeng naka-enrol sa dominado ng lalaking Harvard Medical School.

Tumigil siya sa United States sa loob nang limang taon. Sa pananatili niya doon, nagawa niyang kumuha ng dalawang-taong research fellowship sa Harvard Medical School Children's Hospital. Natapos din niya ang titulong master sa bacteriology sa Boston University at kumuha pa ng public health sa Massachussets Institute of Technology.

Pagbalik sa bansa, itinatag niya ang tahanang pambata na nangalaga sa mga batang may-sakit sa digmaang Hapon-Filipino.

Itinatag ni Dr. Fe del Mundo ang Children's Memorial Hospital sa Lungsod Quezon noong 1957 na bukas pa hanggang ngayon. Hanggang ngayon, ibinubuhos niya ang panahon sa pagpapabuti ng pediatrics sa bansa. Ang pediatrics ay sangay ng medisina na tumutuon sa development at pangangalaga sa mga sanggol at bata, kung saan nakatanggap ng maraming gawad ang Doktora.

Narito ang kanyang mga gawad:

- Elizabeth Blackwell Award (1966)
- Tandang Sora Award (1976)
- Ramon Magsaysay Award (1979)
- Pambansang Siyentista (1980)

Sumasang-ayon ka ba o hindi na nakagawa ng mahalagang ambag si Dr. Fe del Mundo sa larangan ng medisina? Bakit?

______________________________________________


______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

### Ang Taong Maraming Imbensiyon, Dr. Gregorio Y. Zara



Kasalukuyang Tagapangulo si Dr. Greogorio Y. Zara ng National Research Council of the Philippines. Isinilang siya sa Lipa, Batangas noong Marso 8, 1902.

Nagtapos na valedictorian si Dr. Zara sa elementarya at sa hay-iskul. Tinapos niya ang titulong Batsilyer sa Siyensiya Mechanical Engineering sa Massachussets Institute of Techonology, USA noong 1926. Tinanggap din niya ang Master sa Siyensiya sa Aeronautical Engineering, *summa cum laude* sa University of Michigan noong 1927.

Tinanggap ni Dr. Zara ang kanyang Doktor sa Siyensiya sa Pisika, *summa cum laude* mula sa Sorbonne University of Paris, France. Ginawaran din siya ng "Tres Honorable' sa unibersidad na iyon. Iginawad din iyon kay Madame Curie.

Maraming inimbento at iniambag si Dr. Zara kabilang ang mga sumusunod:

- **Earth Induction Compass** – mataas ang pagkilala dito ng pamahalaang Belgian noong Nobyembre 29, 1929.
- **Semi-awtomatikong makinang gumagaa ng elisi -** kayang gumawa nang lokal at maramihan ng makinang ito ng elisi ng eroplano gamit ang 65 hanggang 200 horsepower.
- **Makinang pang-eroplano na gumagamit ng alkohol lamang** – sinubok paliparin ang makinang ito noong Setyembre 30, 1954 sa Manila International Airport. Gumamit si Dr. Zara ng alkohol sa halip na gasolina
- **Saliksik at eksperimentasyon sa kaangkupan ng kahoy ng Pilipinas sa paggawa ng eroplano** – dinisenyo at ginawa ni Dr.Zara ang unang elising yari sa kahoy ng Pilipinas na *magachapui*.
- **Konsultant na teknikal sa disenyo at konstruksiyon ng unang eroplanong gawa sa Pilipinas at mula sa mga lokal na materyal**
- **Imbentor at tagadisenyo ng TV-telephone (picture phone)** – matagumpay na naipakita ito kay Pangulong Magsaysay noong 1955.
- **Imbentor at tagadisenyo ng unang thermo-solar energy machine sa Pilipinas –** kaya ng makinang ito na gawin ang sinag-init sa temperatura mula $3000^0$ F, method copper, bakal at mga welding rod. Isa rin itong panluto ng hotdog at pang-ihaw ng barbecue.
- **Tagadisenyo ng General Marex-10** – isa itong elektronikong robot na nakapagsasalita, naglalakad, at sumusunod sa utos.
- **Tagadisenyo ng unang bateryang solar sa Pilipinas** – matagumpay na pinatakbo ng bateryang ito ang isang radyong transistor at maliit na bentilador.
- **Imbentor ng mikroskopyong kahoy** – may natutuping tanghalan ang mikroskopyong ito upang maiwasan ang pagkabasag ng mga slide.

Nakatanggap din si Dr. Zara ng maraming gawad at pagkilala na kinabibilangan ng:

- **Medalya ng Natatanging Paglilingkod at Pagkilala mula sa Pangulo** – Iginawad ito ni Pangulong Carlos P. Garcia noong 1959 para sa kontribusyon ni Dr. Zara bilang tagapaglawag (pioneer), siyentista, imbentor at para sa kanyang natatanging tagumpay sa enerhiyang solar, aeronatika, at telebisyon.
- **Gawad ng Pangulo para sa Tagumpay sa Agham at Saliksi sa Larangan ng Aeronatika** – Igiwad ito ni Pangulong Ferdinand E. Marcos noong Hunyo 4, 1966 para sa siyentipikong imbensiyon, akademikong gawain sa Alhebra, Pisika at Aeronatika ni Dr. Zara.

- **Medalya mula sa Pangulo at Diploma ng Karangalan** – Iginawad ito ni Pangulong Ferdinand E. Marcos para sa natatanging imbensiyon at kontribusyon ni Dr. Zara sa pag-unlad na siyentipiko noong Abril 11, 1967.

Paano natulungan ni Dr. Zara ang Pilipinas sa lahat ng kanyang imbensiyon?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

Maihahambing mo ang iyong sagot sa *Batayan ng Pagwawasto* sa mga pahina ____.

Ngayon, ano ang tingin mo sa mga Filipino na kababasa mo lamang ang mga buhay? Nagbibigay ba sila sa iyo ng pakiramdam ng pagmamalaki bilang Filipino? Bakit? Gusto mo bang maging katulad ng isa sa kanila? Hindi kailangang sagutin ang mga tanong na ito, pag-isipan mo lamang.



## Magbalik-aral Tayo

Kompletuhin ang pangungusap sa pamamagitan ng pagpuno sa mga patlang.

1. Kilala si Lea Salonga sa buong mundo bilang ____________________ at ____________________.
2. Kilala si Efren "Bata" Reyes bilang ____________________ dahil sa paggawa ng mga tirang imposible sa mga tournament ng bilyard.
3. Nasa ____________________ si Paeng Nepomuceno dahil sa pagiging kampeon ng daigdig sa bawat naiibang dekada.
4. Isang estudyante si Napoleon Abueva ng pumanaw na si __________________________.
5. Isang doktor si Dr. Fe del Mundo na gumawa ng inobasyon para sa __________________________.
6. Napanalunan ni Lea ang kanyang ______________________ sa kanyang pagganap bilang Kim sa patok na musikal na *Miss Saigon*.
7. Pangunahing nagawa ng dating Pangulong Corazon C. Aquino na __________________________ sa bansa.

8. Ang ________________________ ni Napoleon Abueva ay isang nakataas na eskultura ng siyam na hubo’t hubad na babae na nakapuwesto sa iba’t ibang gawain.

9. Itinatag ni Dr. Fe del Mundo ang __________________________ sa Lungsod Quezon.

10. Inimbento ni Dr. Gregorio Zara ang isang __________________________ na Tumatakbo sa simpleng alkohol lamang.



## Pag-isipan Natin Ito

Ano ang kaya mong gawin nang pinakamahusay? Maaaring nakakagawa ka ng mga bagay na madali para sa iyo. Maaaring mahusay ka sa pagluluto, paglutas ng mga suliranin sa matematika, pintura at iba pang larangan. Paano mo ba mapagbubuti ito? Kung pahusay ka nang pahusay, darating ang araw na ikaw ang magiging pinakamahusay.

Sang-ayon ka ba o hindi?

_________________________________________________________________

_________________________________________________________________

_________________________________________________________________

_________________________________________________________________

_________________________________________________________________

Mahalagang malaman na sa anumang ginagawa mo, mas magiging mahusay ka pa sa higit na pagsisikap. Tulad ng mga Filipinong binanggit sa modyul na ito. Nakagawa sila ng mga dakilang tagumpay sa pamamagitan ng sikap at tiyaga. Itinakda nila ang mataas na huwaran para sa sarili at sinikap itong matugunan. Hindi sila nasiraan ng loob. Malaki ang kanilang kumpiyansa sa kanilang magagaa.

Sino ang gusto mong makatulad? Nais mo bang maging Fernando Amorsolo, Efeen “Bata” Reyes o Cory Aquino?

Nalalaman mo bang maaari ka lamang maging **IKAW** at makapag-ambag pa rin sa iyong bansa? Gawin mo ang pinakamahusay sa alinmang gagawin mo. Malay mo, maaaring makapag-ambag ka nang malaki sa iyong bansa sa darating na panahon.

## Tandaan Natin

Maaalala mo pa ba ang mga Filipinong nakilala mo sa modyul na ito? Ano ang nagawa ng bawat isa?

- **Lea Salonga** – Kilala sa husay sa teatro at pag-awit tulad sa Miss Saigon
- **Paeng Nepumuceno** – Anim na ulit na kampeong pandaigdig sa bowling
- **Efren "Bata" Reyes** – Ang "Magician" sa bilyards
- **Napoleon Abueva** – Ama ng Modernong Eskulturang Filipino
- **Corazon Aquino** – Ibinalik ang demokrasya sa Pilipinas
- **Dr. Fe del Mundo** – nagtatag ng Children's Memorial Hospital at itinaguyod ang inobasyon sa paggamot at pangangalaga sa mga sanggol at bata
- **Dr. Gregorio Zara** – Inimbento ang makinang pang-eroplano na nakatatakbo gamit ang simpleng alkohol

Ito ang wakas ng modyul na ito! Pagbati sa pagtaposmo dito. Nagustuhan mo ba ang modyul? Natutuhan mo ba ang kapaki-pakinabang mula dito? Isang lagom ng mga pangunahing punto nito ay nasa ibaba para matulungan kang alalahanin ang mga ito.

## Ibuod Natin

Sa modyul na ito, tinalakay natin ang mga Filipinong nakapag-ambag nang malaki sa ating bansa. Tandaan natin sila.

Mga Filipino na nakapag-ambag nang malaki sa ating bayan sa nakaraang

panahon:

- Francisco Baltazar/Balagtas – Hari ng Mga Makatang Tagalog
- Propesor Julian Felipe – Kompositor ng Pambansang awit ng Pilipinas
- Jose Palma – Sumulat ng tula na naging batayan ng titik ng Pambansang awit
- Fernando Amorsolo – Ang Dakilang Apo ng Sining na Filipino
- Guillermo Tolentino – Klasikong Maestro ng Eskulturang Filipino

- Agapito Flores – Imbentor ng ilaw-flourescent
- Eduardo San Juan – Tagadisenyo ng lunar rover o moon buggy
- Carlos P. Romulo – Unang Asyano na naging Pangulo ng Pangkalahatang Asemblea ng United Nations
- Dr. Jose Rizal – sumulat ng *Noli me tangere* at *El filibusterismo* na nagmulat sa mga Filipino laban sa tiraniya ng mga Espanyol

Mga Filipino na nakapag-ambag nang malaki sa ating bayan sa nakaraang mga taon:

- Lea Salonga – Kilala sa kanyang husay sa teatro at pag-awit tulad sa Miss Saigon
- Paeng Nepomuceno – Anim na ulit na kampeong pandaigdig sa bowling
- Efren "Bata" Reyes – Ang "Magician" ng Bilyard
- Napoleon Abueva – Ama ng Modernong Eskulturang Filipino
- Corazon C. Aquino – Ibinalik ang demokrasya sa Pilipinas
- Dr. Gregorio Zara – Nag-imbento ng makina ng eroplano na makalilipad na gamit ang alkohol lamang.



## Anu-ano ang mga Natutuhan Mo?

A. Tukuyin ang apat na Filipino na gumawa ng mahalagang ambag sa ating bansa sa nakaraan at kailan lamang. Magbigay ng maikling deskripsiyon tungkol sa kanilang mga nagawa (2 puntos bawat isa)

Sa Mga Nakapagbigay ng Mahalagang Ambag sa Nakaraan:

1. ____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

2. ____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

3.

4.

Sa Mga Nakapagbigay ng Mahalagang Ambag Kamakailan Lamang:

1.

2.

3.

4.

B. Ano sa palagay mo ang mga katangian ng mga Filipinong ito na dahilan ng kanilang tagumpay sa kanilang mga larangan? Tukuyin ang mga apat na katangian at ipaliwanag ang bawat isa. (1punto bawat isa)

1. ______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

2. ______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

3. ______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

4. ______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan ng Pagwawasto* sa mga pahina ______.

Kung nakakuha ka ng

20–20 Pagbati! Marami kang natutuhan sa modyul na ito.

16–16 Kailangan mo lamang pag-aralan at balik-aralin ang mga item na hindi mo nasagutan nang tama.

10–10 Kailangan mong pag-aralan ang mga araling hindi mo naintindihan.

0–6 Kailangang pag-aralan mo muli ang modyul.

Maaari ka nang lumipat sa susunod na modyul.

## Batayan sa Pagwawasto

**A. Anu-ano na ang mga Alam Mo?** *(pahina 2-3)*

1. Si **Julian Felipe** ang kompositor ng himno "Marcha Nacional Filipina" na naging Pambansang Awit ng Pilipinas
2. Si **Fernando S. Amorsolo** ang Dakilang Apo ng Sining na Filipino
3. Si **Guillermo Tolentino** ang Klasikong Maestro ng Eskulturang Filipino.
4. Tinatawag na "Magician" si **Efren Reyes**. Kilala siya sa mundo dahil sa paglalaro ng bilyard.
5. Si **Agapito Flores** ang imbentor ng ilaw-flourescent.
6. Si **Eduardo San Juan** ang tagadisenyo ng lunar rover o moon buggy.
7. Ginampanan ni **Lea Salonga** ang papel ni Kim sa **Miss Saigon** kung saan niya natanggap ang **Sir Laurence Olivier Award**.
8. Si **Francisco Baltazar/Balagtas** ang **Hari ng mga Makatang Tagalog**. Isinulat niya ang isa sa mga dakilang awit na Tagalog na *Florante at Laura*.
9. Itinuturing si Paeng Nepumoceno bilang pinakamahusay na bowler sa kasaysayan ng bowling. Ang pangalan niya ay nasa Guinness Book of World Records sa pagiging tanging pandaigdigang kampeon sa bowling sa iba't ibang dekada.
10. Isang estudyante ni Guillermo si Napoleon Abueva at kilala bilang Ama ng Modernong Eskulturang Filipino.

**B. Aralin 1**

*Subukan Natin Ito (pahina 4)*

| | | |
|---|---|---|
| 1. | ANTIPUAR | PINTURA |
| 2. | SURTEKLRAU | ESKULTURA |
| 3. | AKMSIU | MUSIKA |
| 4. | MHGAA | AGHAM |
| 5. | LAPUNANA | PANULAAN |

*Alamin Natin (pahina _____ )*

Nakabatay sa iyong persepsiyon ang mga sagot mo sa tanong. Maipapakita mo ang iyong sagot sa iyong Instructional Manager o Tagapagdaloy para karagdagang reaksiyon.

**Hari ng Mga Makatang Tagalog**

a. Kinakatawan ng pagkakatali ni Florante sa puno ang kontrol ng Espanya sa Pilipinas sa panahon ng kolonisasyon. Sa *Florante at Laura*, inilalarawan ng tagpo kung gaano kahirap para kay Florante na makalaya mula sa pagkakatali. Nasaktan siya at bagama't nagsisikap makalaya, hindi niya magawa. Ganito ipinakita ni Balagtas ang pagsisikap ng mga Filipino para makalaya sa mga Espanyol. Sa kabila ng rebolusyonaryong pagsisikap ng mga Katipunero, kontrolado nang husto ng mga Espanyol ang bansa. Naimpluwensiyahan ng mga Espanyol ang buhay ng maraming Filipino sa kultura, espirituwalidad, at kalakal.

b. Batid nating maninila ang mga mga leon. Isa rin sila sa pinakamabangis na hayop sa gubat kaya kinatatakutan sila ng iba pang hayop. Kinakatawan ng mga leon ang kalupitan ng mga Espanyol sa Filipino. Sa panahon ng kolonisasyong Espanyol, laging binabantayan ng mga Espanyol ang kilos ng mga Filipino. Masinsinan nilang minamasdan ang mga Filipinong laban sa kanilang mga patakaran at sa kanilang pang-aabuso sa kapangyarihan.

   Ang mga Filipinong nagpapakita ng pakikibaka at nag-aalsa laban sa mga Espanyol ay ikinukulong o binibitay. May mga Filipino pang tinatatakan ng mga fraile at dahilan para iwasan sila ng mga kapwa Filipino.

   Sa ilustrasyon, ang pagsisikap ni Florante na makaalpas sa puno ay nakaakit sa mga leon. Handa na siyang lamunin ng mga leon para mawala ang gutom ng mga ito. Tulad ng ginawa ng mga Espanyol noong mga unang panahon kapag nadakip nila ang Filipino na kaapi o pinuno ng pag-aalsa laban sa pamahalaan.

**Kompositor ng Pambansang Awit ng Pilipinas**

a. Maipagmamalaki ko ang sarili kapag naririnig ang pambansang awit. Simbolo ito ng aking identidad at pagsisikap ng aking mga kababayan noong unang panahon. Itinatanghal din nito ang aking bansa bilang isa sa pinakamainam na bansa sa mundo.

b. Oo, inilalabas ng pambansang awit ang aking pagka-Filipino. Sa pambansang awit, naaalala ko ang mga pagsisikap ng lahat ng Filipino na nagbigay-dangal sa aking bayan.

### Manunulat ng Titik ng Pambansang Awit ng Pilipinas

a. Oo, sinasalamin ng mga salita sa pambansang awit ang Pilipinas. Pinapaksa nito ang katangian ng bansa at kung paanong ang mga Filipino ay nakibaka para sa kalayaan nito kahit nangangahulugan iyon ng kamatayan para sa kanila.

*Alamin Natin (pahina _____)*

Nakabatay sa iyong persepsiyon ang mga sagot mo sa tanong. Maipapakita mo ang iyong sagot sa iyong Instructional Manager o Tagapagdaloy para karagdagang reaksiyon.

### Dakilang Apo ng Sining na Filipino

Kinakatawan ng pinturang Ina at Anak kung paanong pangalagaan ng bawat inang Filipina ang kanyang mga anak. Sa kanya, pangunahin sa lahat ang kanyang pamilya. Isa itong kilalang halagahang Filipino sa bansa at maging sa ibang bansa. Ang mga Filipina lalo na sa lalawigan ay kilalang domestikado. Alam nila ang lahat ng gawaing bahay. Para sa mga nagtatrabahong kababaihan, hindi nagtatapos sa opisina ang kanilang gawain, inaalagaan at inaasikaso rin nila ang kanilang pamilya.

### Klasikong Maestro ng Eskulturang Filipino

a. Kung may talento ako sa paggawa ng eskultura, gagawa ako ng eskultura ng babaeng Filipina. Gagawin ko ito dahil naniniwala ako na ang tibay ng bawat Filpino ay nanahan sa pagkakalinga ng bawat inang Filipina.

### Imbentor ng Ilaw-Flourescent

a. Nagbigay-liwanag ang imbensiyon ni Agapito Flores sa tahanan ng maraming Filipino at maging sa ibang bansa. Hindi lamang nagbibigay ang ilaw-flourescent ng liwanag sa iba’t ibang tahanan, mas mura din ang konsumo nito ng koryente. Isa itong imbensiyonna ginagamit sa buong mundo.

### Ang Space Junkman

a. Oo, maaaring maging pinakamahusay na imbentor ang Filipino sa mundo malikhain at imahinatibo ang mga Filipino. Dahil itinuturing na umuunlad na bansa ang Pilipinas, marami itong pangangailangan. Maibabatay ang kanilang imbensiyon sa mga

pangangailangang ito. Kailangan lamang nila ang oportunidad at suporta mula sa pamahalaan. Ang mga ginawa nina Flores at San Juan ang mga halimbawa kung paanong magiging isa sa pinakamahusay na imbentor sa mundo ang mga Filipino.

### Ang Ating Pambansang Bayani

a. Ipinakita ni Dr. Jose Rizal ang kanyang pagmamahala sa bayan sa kanyang panulat tulad ng Noli me tangere at El filibusterismo. Isinasalaysay ng kanyang mga akda kung paanong labis na inabuso ng mga Espanyol ang mga Filipino sa panahon ng kanilang pananakop. Hindi lamang niya iminulat ang mga Filipino kung paano sila inaabuso, ibinuwis din niya ang kanyang buhay para sa kanyang bayan.

*Magbalik-aral Tayo (pahina ____ )*

1. Marcha Nacional Filipina
2. Florante at Laura
3. Agapito Flores
4. Monumento ni Bonifacio
5. Filipinas
6. Eduardo San Juan, 1971 Apollo XV
7. Dakilang apo ng Sining na Filipino
8. Ang Hari ng mga Makatang Tagalog
9. Noli me tangere at El filibusterismo
10. Pangulo ng Pangkalahatang Asemblea ng United Nations

*Pag-isipan Natin Ito (pahina ____ )*


Nakabatay sa iyong persepsiyon ang mga sagot mo sa tanong. Maipapakita mo ang iyong sagot sa iyong Instructional Manager o Tagapagdaloy para karagdagang reaksiyon.

1. Oo, gumawa ng mahahalagang bagay para sa ating bansa at iba pang bansa ang mga Filipino. Dahil sa kanilang mga kontribusyon, umani ang ating bansa ng respeto mula sa ibang bansa. Naipakita rin natin sa ibang bansa na maaaring maging pinakamahusay ang mga Filipino sa anumang larangan kapag binigyan ng pagkakataon. Higit pa rito, ang ilan sa mga kontribusyon ng mga Filipinong ito ay naging bahagi ng ating kasaysayan, maging ito’y imbensiyon, inobasyon, o pagkilos para mapalaya ang ating bayan mula sa pang-aapi.

2. Ang mga kontribusyon ng mga Filipinong ito ay nakaapekto sa buhay ng maraming Filipino dahil nakagawa sila ng mga bagay na palagiang magiging bahagi ng ating kasaysayan. Maipagmamalaki natin ang ating pagka-Filipino dahil sa kanilang kontribusyon at makapagsisikap na maging katulad nila.Napatunayan nila sa mundo na tayo'y mga taong hindi maisasantabi dahil maaari tayong maging pinakamahusay sa anumang larangan kapag binigyan ng pagkakataon.

3. Oo, ipinagmamalaki ko na maging Filipino. Para sa akin, ang pagiging Filipino ay hindi lamang nagpapahiwatig ng aking lahi kundi ng mga ambag ng aking kapwa Filipino sa aking bansa at sa mundo.

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pahina )*




## C. Aralin 2

*Subukan Natin Ito (pahina ____ )*

1. Paeng Nepumoceno – pinakamahusay na bowler sa mundo
2. Corazon Aquino – ika-11 Pangulo ng Pilipinas, ibinalik sa bansa ang demokrasya
3. Napoleon Abueva – Ama ng Modernong Eskulturang Filipino
4. Lea Salonga – ginampanana ang papel ni Kim sa Miss Saigon
5. Lea Salonga – ginampanan niya ang mga papel sa ilang musikal tulad ng Les Miserable at Miss Saigon

*Basahin Natin Ito (mga pahina _____ )*

1. Nag-uusap sina Jun at Eric tungkol kay Efren “Bata” Reyes
2. Naglalaro ng bilyard si “Bata.”
3. Naging pandaigdigang kampeon sa bilyard si Efren “Bata” Reyes. Binansagan siyang “Magician” at naitampok sa mga magasin at diyaryo.
4. Nagsikap si Efren “Bata” Reyes at naging matiyaga sa paglalaro ng bilyard.

   Maaaring naiiba ang sagot mo sa mababasa dito. Maipapakita mo ang iyong sagot sa iyong Instructional Manager o Tagapagdaloy para karagdagang reaksiyon.
5. Oo, mayroon ako ng katangian na nagbigay-tagumpay kay Bata. Masipag ako at  masikap tulad ni Efren “Bata” Reyes. Palagian akong magsisikap sa nais kong marating sa buhay, kahit makaranas ako ng kabiguan at siphayo. Naniniwala ako na ikaw ang naghahanda ng iyong hinaharap. Kung pagsisikapan ko ang isang bagay na alam kong mahusay ako doon, magtatagumpay ako.

*Alamin Natin (pahina ____ )*

Maaaring iba ang iyong sagot sa ibinigay sa ibaba. Maipapakita mo ang iyong sagot sa iyong Instructional Manager o Tagapagdaloy para karagdagang reaksiyon.

**Lea, Kilala sa Mundong Mang-aawit at Aktres**

Nagtagumpay si Lea sa kanyang karera sa pamamagitan ng pagsisikap. Nagsikap siya para maging mahusay kung hindi man pinakamahusay sa pag-awit at pag-arte. Ginawa niya ito sa pagsasanay at paglahok sa iba’t ibang musikal at  teatro.

**Paeng, Pinadakilang Internasyonal na Bowler**

Hinahangaan ng mundo ang lahing Filipino dahil sa mga tagumpay ni Paeng sa Bowling. Dapat nating tandaan na sa puntong ito, wala pang nakakalmpas sa kanyang tagumpay mula nang matuklasan ang bowling.

**Efren, ang “Magician”**

Sumusunod ang mga katangian na dahilan upang si Efren “Bata” Reyes ang maging pinakamahusay na manlalaro ng bilyard sa buong mundo:

- ang kanyang tiyaga – hindi agad naging pinakamahusay na manlalaro ng bilyard si Efren, kailangan niyang maghintay ng maraming taon bago makilalang gayon siya. Para makilala itom kinailangan nyang makipagtunggali sa pinakamahusay na manlalaro ng bilyard sa buong mundo.

- ang kanyang pagiging bukas sa pagkatuto – Kahit noong bata pa, natuklasan niya ang kanyang hilig sa isports. Pinagmasdan niya ang pinakamahusay at pinakamaamang manlalaro ng bilyard habang naglalaro ang mga ito. Mula sa mga ito, natutuhan nya ang mga tuntunin at paraan ng paglalaro ng bilyard.
- ang kanyang sipag – alam ni Efren na upang maging pinakamahusay, kailangan niyang mag-praktis. Ginawa niya ito kapag maaga pa at kapag gabi na sa bilyaran ng kanyang tiyo.
- ang kanyang pagiging optimistiko – May panahon sa buhay ni Efren na walang gustong makipaglaban sa kanya dahil alam ng lahat na pinakamusay siya sa buong bansa. Dinaya pa siya ng kanyang mga kasama nang lumahok sa mga pandaigdigang tournament. Ang mga ganitong kalagayan sa buhay ay hindi pumigil sa kanya sa paglalaro ng bilyard. Sa halip, sinikap niyang maglaro pa hanggang sa maging pinakamahusay na manlalaro ng bilyard sa buong mundo.

### Ama ng Modernong Eskulturang Filipino, Napoleon Abueva

Oo, may pagkakatulad ang mga obra nina Napoleon Abueva at Guillermo Tolentino. Kapwa sila gumawa ng mga eskultura ng bantog na mga Filipino at dambana ng mga bayani. Isang halimbawa ang Monumento ni Bonifacio ni Tolentino sa Caloocan at ang Dambana ng Kagitingan ni Abueva sa Bundok Samat, Bataan.

### Corazon C. Aquino

Taglay ni Corazon C. Aquino ang sumusunod na mga katangian:

- Kagitingan – Hindi siya natakot na tumakbo bilang pangulo laban kay Marcos. Panahon ito nang ang mga Marcos ang ganap na kumokontrol sa kapangyarihan at nagagawa anuman ang kanilang ibig.
- Demokratiko – Naniniwala si Cory Aquino sa demokrasya. Sa kanyang termino bilang pangulo ng bansa, ibinalik niya ang demokrasya kung nakamit ng tao ang kalayaang ipahayag ang kanilang isip, damdamin, at gustong sabihin.

### Dr. Fe del Mundo

Oo, sumasang-ayon ako na nakagawa ng mahalagang ambag si Dr. Fe del Mundo sa larangan ng medisina. Binigyang halaga niya ang kalusugan ng mga sanggol at bata. Sa panahon ito nang ang mga sanggol at bata ay inaasikaso lamang kapag mayroon silang sakit. Namulat ang mga tao at mga pinuno dahil sa kanyang mga ambag na

may prebentibong bahagi na dapat isaalang-alang sa kalusugan ng kabataan. Ang kanyang mga gaain ay humantong sa pagkakaroon ng medisinang pediatriko sa bansa. Nagaa rin niyang magtatag ng mga ospital at tahanan para sa pangangalaga ng mga sanggol at bata.

### Dr. Gregorio Zara

Tumulong sa bansa si Dr. Zara sa pamamagitan ng pagtatrabaho para sa gobyerno. Sa kabila ng kanyang mga nagawa sa mga pag-aaral na graduate at post-graduate, pinili niyang magtrabaho para sa pamahalaang Filipino. Tumuklas siya at nag-imbento ng maraming aparato na tumulong upang makilala ang ating bansa. Isang halimbawa nito ang uang makina ng eroplano na pinalipad gamit ang alkohol lamang bilang panggatong. Gumaa rin siya mga inobasyon kaugnay ng aeronatika tulad ng paggamit ng kahoy-Filipino para sa elisi at sa paggawa ng sasakyang panghimpapawid.

*Magbalik-aral Tayo (pahina ____ )*

1. Mang-aawit at Aktres
2. Ang “Magician”
3. Guinness Bokk of World Records
4. Guillermo tolentino
5. medisinang pediatriko
6. Sir Laurence Olivier Award
7. pagpapanumbalik ng demokrasya
8. Siyam na Musa
9. Children’s Memorial Hospital
10. makina ng eroplano

## D. Anu-ano ang mga Natutuhan Mo? *(pahina _____ )*

A. Makakapili ka ng sinuman sa mga Filipinong nakalista sa ibaba.

Filipino mula sa nakaraan:

- ♦ **Francisco Baltazar/Balagtas –** Siya ang manunulat ng pinakadakilang awit na Tagalog , ang *Florante at Laura*. Tinatawag din siyang Ama ng mga Makatang Tagalog
- ♦ **Propesor Julian Felipe –** Kompositor ng himnong Pambansang Awit ng Pilipinasna tinatawag na “Marcha Nacional Filipina.” Pinamunuan niya ang pagtugtog sa himno sa proklamasyon ng Unang Republikang Filipino. Sa ilalim ito ng pamumuno ni Emilio Aguinaldo

- **Jose Palma** – Nagtrabaho siya sa La Independencia. Isinulat niya ang Filipinas, isang tulang naging batayan ng titik ng Pambansang Awit ng Pilipinas.
- **Fernando Amorsolo** – Isa siya sa pinakadakilng pintor na Filipino. Tinatawag din siyang Dakilang Apo ng Sining na Filipino.
- **Guillermo Tolentino** – Isa siyang Pambansang Artista na kilala sa eskultura. Kilala niyang obra ang Monumento ni Bonifacio sa Lungsod Caloocan. Tinatawag din siyang Klasikong Maestro ng Eskulturang Filipino.
- **Agapito Flores** – Inimbento niya ang ilaw-flourescent.
- **Eduardo San Juan** – Nagtapos sa Mapua Institute of Technology na nagdisenyo ng lunar rover o moon buggy na ginamit sa misyon sa buwan Apollo XV noong 1971. Tinatawag din siyang "Space Junkman."
- **Carlos P. Romulo –** Unang Asyano na naging Pangulo Pangkalahatang Asemblea ng United Nations.
- **Dr. Jose Rizal** – Sumulat ng Noli me tangere at El filibusterismo na nagmulat sa mga Filipino laban sa tiraniya ng mga Espanyol.

Mga Filipino sa kasalukuyan:

- **Lea Salonga** – nagsimula ang kanyang propesyonal na karera sa gulang na pitong taon. Ginampanan niya ang papel na Kim sa patok na musikal **Miss Saigon** kung saan niya natanggap ang **Sir Laurence Olivier award**. Ginampanan rin nya ang papel ni Eponine sa dulang Broadway na **Les Miserables**. Iba pang gawad ang **Tony**, **Drama Desk award**, **Outer Critics' Circle Award**, at ang **Theater World Award**.
- **Paeng Nepomuceno –** Anim na ulit siyang nagwagi ng pandaigdigang kampeon sa bowling. Kabilang siya sa Guinness Book of World Records dahil sa pagiging tanging bowler na naging pandaigdigang kampeon sa tatlong magkakaibang dekada. Siya rin ang pinakabatang kampeong pandaigdig sa gulang na labinsiyam na taon.
- **Efren "Bata" Reyes** – Tinawag siyang "Magician" ng bilyard dahil sa pagsasagwa ng mga imposibleng tira sa mga tournament ng bilyard. Siya'y naging kampeong pandaigdig din sa bilyard.
- **Napoleon Abueva** – Isang Pambansang Artista na estudyante ni Guillermo Tolentino. Siya ang **Ama ng Modernong Eskulturang Filipino**.

- Corazon C. Aquino – Pinalayawan siyang “Cory” ng mga Filipino. Siya ang ikalabing-isang pangulo ng Pilipinas at kabiyak ng pumanaw na senador Bengno Aquino, Jr. Ibinalik niya ang demokrasya sa Pilipinas pagkaraan ng termino ng dating pangulong Ferdinand E. Marcos noong 1886.
- Dr. Fe del Mundo – Siya ang unang Filipina na sumira sa tradisyon ng Harvard dahil unang babae na nag-enrol sa Harvard Medical School na dominado ng mga lalaki sa kanyang panahon. Ipinakilala niya ang prebentibong bahagi ng medisinang pediatriko sa Pilipinas. Itinatag niya ang Children’s Memorial Hospital sa Lungsod Quezon. Tinaggap niya noong 1977 ang Gawad Ramon Magsasay.
- Dr. Gregorio Zara – Inimbento ang makina ng eroplano na nakalilipad gamit ang alkohol lamang.

B. (Maaaring iba ang iyong sagot sa ibinigay sa ibaba. Maipapakita mo ang iyong sagot sa iyong Instructional Manager o Tagapagdaloy para karagdagang reaksiyon.)

Mga katangian ng mga bantog na Filipino:

- Kasipagan – Kailangang nagtrabaho nang husto ng mga Filipinong ito at kailangang patunayan sa kanilang sarili hindi lamang sa kanilang bansa kundi maging sa ibang bansa na sila ang pinakamahusay sa kanilang larangan. Ginawa nila ito sa pamamagitan ng palagiang pagsasanay at pagkatuto.
- Kumpiyansa – Hindi nag-alangan ang mga Filipinong ito na ipakita at ibahagi ang kanilang nagawa. Hindi agad nakilala ang kanilang obra at ambag, gayunman hindi ito naging hadlang para maging mahusay sa kanilang ginagawa. Isinagawa pa rin nila ang kanilang layunin sa buhay na naging dahilan para maging pinakamahusay sa kanilang piniling larangan.
- Pagiging bukas sa pagkatuto – Ang mga Filipinong ito ay naging pinakamahusay sa kanilang larangan dahil interesado silang matuto pa sa kanilang ginagawa. Higit pa silang nag-aral para may lalo pang matutuhan.
- Positibong pag-iisip – Kahit gaano man karaming pagkabigo at siphayo ang naranasan nila, hindi sila nawalan ng pag-asa. Nag-isip sila nang positibo para sa sarili at para sa kanilang bansa.



## Talahuluganan

**Alegorya** Pampanitikan o panlarawang paraan kung saan ang mga tauhan, bagay o pangyayari ay kumakatawan sa mga simbolong naglalarawan ng isang kaisipan, o prinsipyong moral o relihiyoso.

**Alegorikal** Tumutukoy o naglalaman ng alegorya.


**Eskultura** Sining na bumubuo ng pigura nakaukit o solido.

**Himno** Awit ng papuri o pasasalamat.

**Metapora** Paghahambing o pagtutulad sa ibang bagay.

**Obelisko** Tore o monumento na may apat na panig.

**Tema** Estruktura, paksa, kuwento



## Mga Sanggunian


Almario, Virgilio S., et.al. *Students' Philippine Almanac*. Filway Marketing, Inc. 7$^{th}$ Floor, Allied Bank Center, Ayala Avenue, Makati City; 1991.

Ibañez, Noel. 2000. *The Ms. Lea Salonga Web Site*. <http://www.geocities.com/Hollywood/Palace/6981/biography/profile.html>. November 24, 2000, date accessed.

National Commission for Culture & the Arts. 1996. *Philippines Arts and Culure*. <http://www.philserv.com/ncca>. November 24, 2000, date accessed.

National Commission for Culture & the Arts. 1996. *National Artists for Visual Arts*. <http://www.ncca.gov.ph/phil%20profile/philprof_ntl-visual1.htm>. December 5, 2000, date accessed.

Malacañang. *Corazon Aquino's Biography*. <http://erap.com/office/malacañang/presidents/aquino.htm>. November 24, 2000, date accessed.

Paeng Nepomuceno's Home Page. *Paeng Nepomuceno's Profile*. <http://home.earthlink.net/~rvd/paeng/>. November 17, 2000, date accessed.

Ramon Magsaysay Award Foundation. 2000. *Dr. Fe del Mundo's Profile*. <http://rmaf.xorand.com/new/awardees.htm>. December 4, 2000, date accessed.

Ramon Magsaysay Award Foundation. 2000. *Dr. Fe del Mundo's Profile*. <http://rmaf.xorand.com/rmafweb/documents/awardee/biography/fdm01bio.htm>. December 4, 2000, date accessed.

Ramon Magsaysay Award Foundation. 2000. *Dr. Fe del Mundo's Profile*. <http://rmaf.xorand.com/rmafweb/documents/news/issues/199990114.htm>. December 4, 2000, date accessed.

Uglow, J. 1997. *Corazon Aquino's Biography*. <http://library.thinkquest.org/C001515/heroism/herodb.php?action=hero&HeroID=5>. November 25, 2000, date accessed.

Webmaster. *Efren "Bata" Reyes*. <http://www.theville.com/efrenreyes.html>. November 17, 2000, date accessed.